THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.20 * Mayo 14 - 20, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# OIC, PNP PLTGEN VICENTE D DANAO, JR, PINANGUNAHAN ANG PAGDIRIWANG NG IKA-6 NA TAONG ANIBERSARYO NG PNP-EOD/K9 GROUP

sundan sa pahina 3




**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

*Alert Levels System for COVID-19*

**NCR**

*Alert Level 1*

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 4 Former Rebels nakatanggap ng Livelihood Equipment sa tulong ng PNP

sundan sa pahina 9

## 4 na miyembro ng Milisyang Bayan, sumuko sa PNP Regional Mobile Force Battalion MIMAROPA

sundan sa pahina 10

## Mahigit Php2M halaga ng shabu nasabat ng PNP

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Judicial Affidavit?**

Ang judicial affidavit ay ginagamit bilang panghalili sa direct testimony ng witness. Dito, ang tetsigo ay mag-eexecute ng judicial affidavit sa isang abogado at ito ay pinapanotaryo upang magsilbing direct testimony ng witness. Kung ito ay tinanggap ng huwes, sasailalim sa cross examination ang witness.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE 09175382495
SMART 09988490013
LANDLINE (02)87253176
E-MAIL ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect
@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

**E - SUMBONG**

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Pulis nagpaanak ng isang Ginang sa loob ng patrol car



**Matagumpay at ligtas na napaanak ng isang pulis sa loob ng patrol car ang isang ginang sa Villaverde, Nueva Vizcaya nito lamang Biyernes, Mayo 20, 2022.**

Ayon kay Patrolman Jardin Paul Galima na nakatalaga sa Villaverde Police Station, Nueva Vizcaya, bandang 6:00 ng umaga nang dumating ang mag-asawa sa kanilang himpilan upang humingi ng tulong at ng masasakyan sa kadahilanang malapit nang manganak ang kanyang asawa at kailangan na itong maisugod sa ospital.

Hindi naman nag-atubili at nag-aksaya ng oras si Patrolman Galima at kaagad na isinakay ang ginang sa patrol car ngunit pagkasakay pa lamang ay hindi na nito kinaya.

Kaagad itong sinaklolohan ni Patrolman Galima na isa palang licensed nurse kaya't siya na mismo ang nagpaanak rito. Mapalad naman na ligtas ang mag-ina matapos ang panganganak.

Matapos mailabas ang sanggol ay dinala nila ang mag-ina sa Villaverde Birthing Clinic para sa kaukulang atensiyong medikal kung saan ngayon ay nasa maayos na ang kalagayan.

Isa lamang ito sa patunay na ang PNP ay walang pinipiling oras sa pagtulong at pagseserbisyo sa publiko at handang maglingkod sa lahat ng bagay. Tunay nga na ang PNP ay kakampi mo. *(Panulat ni Police Corporal Jermae D Javier)*

# Bayanihan para sa maayos na tirahan, handog ng R-PSB sa Davao City



**Davao City - Nagbayanihan ang mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay sa pagtayo ng kubo ni Tatay Pablo Manunggaling sa Prk. 7-B, Brgy. Carmen, Baguio District, Davao City, nito lamang Linggo, Mayo 15, 2022.**


Bilang kahilingan ng isang concerned citizen sa nasabing lugar na si Ginang Virginia Toong na mabigyan ng maayos at komportableng tirahan si Tatay Pablo.

Hindi naman binigo ng R-PSB Cluster 5 ang kahilingan ni Ginang Virginia sa pangunguna ni PLt Rizalito Clapiz III at sa pangangasiwa ni PLtCol Nolan Raquid, Chief, City Information and Communication Technology Management Unit/R-PSB Over-all Coordinator.

Lubos naman ang pasasalamat ni Tatay Pablo sa ibinigay na tulong ng mga tauhan ng R-PSB Cluster 5 dahil sa wakas ay magkakaroon na siya ng sarili niyang tirahan.

Ang nasabing aktibidad ay naglalayong magbigay ng magandang tirahan at matiyak ang kaginhawaan ni Tatay Pablo at bilang bahagi na rin ng Executive Order No. 70 National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa bansa. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*

# Pa-champorado ni Sir Pulis, isinagawa ng 705th MC, RMFB7



**Sta. Catalina, Negros Oriental – Nagsagawa ang mga miyembro ng 705th Maneuver Company, RMFB7, Talalak Advance Command Post Personnel ng Feeding Program na "Pa-Champorado ni Sir Pulis" sa mga mag-aaral ng Kakha Elementary School sa Sitio Kakha, Brgy. Talalak, Sta. Catalina, Negros Oriental nito lamang Huwebes, Mayo 19, 2022.**

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni PCpt Jade Asiong Basingao, Company Commander ng 705th MC, na pinangasiwaan ni PLtCol Ronan Claravall, RMFB 7 Force Commander.

Ayon kay PCpt Basingao, layunin ng naturang programa na matulungang mabigyan ng maayos na kalusugan ang bawat bata at maturuan ang mga ito na maging matalino sa pagpili ng mga kinakain para magkaroon ng malusog na pangangatawan.

Ang hanay ng PNP ay patuloy sa kanilang mga hakbangin upang maipaabot ang sapat na serbisyo publiko sa bawat Pilipino. Kaya patuloy din na hinihimok ng pulisya ang mamamayan na suportahan at makiisa sa bawat programa na inilulunsad ng kapulisan maging ng pamahalaan para sa hangaring malusog at ligtas na bayan.

# Masjid at Madrasah visitation isinagawa ng Antipolo PNP

**Antipolo City - Matagumpay na naisagawa ang Masjid at Madrasah visitation ng Antipolo PNP nito lamang Martes, Mayo 17, 2022.**

Pinangunahan ng Antipolo City Municipal Station sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel June Paolo Abrazado, Acting Chief of Police ang pagbisita sa Al-Risala Community Development Association Inc. (ARCDAI) sa ilalim ni Imam Rayyan Glodo.

Ayon kay PLtCol Abrazado, bandang 8:15 ng umaga nagsimula ang aktibidad sa Sitio Canumay-San Ysiro, Barangay San Jose, Antipolo City kung saan nagkaroon ng barangay pulong-pulong at namahagi ng kaalaman patungkol sa peace and order situation, drug awareness at cultural sensitivity sa mga kabataang Muslim.

Namahagi rin ng mga food packs sa naturang aktibidad na naglalayon na palakasin ang samahan at ugnayan ng PNP at mga kapatid nating Muslim.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy na magsasagawa ng ganitong mga aktibidad upang mapanatili ang magandang samahan sa mamamayan at mapanatiling maayos at ligtas ang komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter V Cabugon)*



# OIC, PNP PLtGen Vicente D Danao, Jr, pinangunahan ang pagdiriwang ng ika-6 na Taong Anibersaryo ng PNP-EOD/K9 Group



**Pinangunahan ni OIC, PNP PLtGen Vicente D Danao, Jr ang pagdiriwang ng ika-6 na Taong Anibersaryo ng PNP-EOD/K9 Group bilang Guest of Honor and Speaker na ginanap nito lamang Lunes, Mayo 16, 2022 sa PNP Multi-Purpose Center, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.**

Ayon sa bagong talagang PNP-EOD/K9 Group Director, PBGen Ritchie Medardo A Posadas, ang tema anya sa kanilang pagdiriwang ngayong taon ay ang "Competency and Community Awareness Realizing Lasting Partnership of Outstanding Service and Safer Community" na kung saan ay tampok sa nasabing pagdiriwang ang pagbibigay kilala at parangal sa mga pulis na nagpamalas ng kanilang magagandang accomplishments hindi lamang sa PNP-EOD/K9 Group kundi maging sa Pambansang Pulisya sa pangkalahatan.

Binati at pinasasalamatan naman ni PLtGen Danao, Jr ang PNP-EOD/K9 Group sa pamumuno ni PBGen Posadas dahil sa kanilang mga kontribusyon sa Pambansang Pulisya mula noong ito ay itinatag. Pinuri din niya ang mahalagang ginagampanang papel at mandato ng PNP-EOD/K9 Group sa Pambansang Pulisya.

Sa kasalukuyan, ito ay binubuo ng 2,113 masisipag at dedikadong tauhan na nakadeploy sa 170 Explosive Ordnance Disposal (EOD) at Canine Units sa buong bansa upang patuloy na makapagbigay seguridad at kaligtasan ng mamamayan.

Patuloy din ang paghikayat at pag-recruit ng mga bagong patrolman at patrolwoman na nais maging bahagi ng Unit.

Katulad ng mga kasamahan sa PNP, iniaalay ng PNP-EOD/K9 Group ang kanilang buhay araw-araw upang maisagawa ang kanilang sinumpaang tungkulin.

Sa katunayan nito, nakapagtala na ng 431 disposal operations na may kabuuang 143.6 tonelada ng Unexploded Ordnance (UXO), Explosive Remnants of War (ERW), at Improvised Explosive Device (IED) at iba pang gamit pampasabog na nakukumpiska at narerekober.

Nakapaglunsad din ng programang Project: A.B.K.D. (Awareness of Bombs that Kill lives and Destroy properties) na may layong maabot, matulungan, at makapagbigay kaalaman at kamalayan sa pamayanan na maaaring maging biktima ng ERIs.

Hangad ni PBGen Posadas na ang Grupo nito na pagsapit ng taong 2024 ay maging isa na itong komprehensibong Operational Support Unit at lalong mapalakas sa larangan ng kanyang mandato sa pagsugpo at pagpigil ng krimen, terorismo at mga gawaing may kinalaman ang ilegal na droga, banta ng bomba o pagpapasabog.

Gayundin ang mapalawig ang kakayahan sa pag-neutralisa sa mga panganib na dulot ng Chemical, Biological, Radiological at Nuclear (CBRN).

Sa gabay ni PLtGen Danao, OIC ng Pambansang Pulisya, na sama sama natin isulong ang kapayapaan at kaligtasan ng sambayang Pilipino para sa maunlad na bayan.

# 13 Days IPO ng NPD, higit 230 katao ang nasakote




**Northern Police District — Nasakote ang 233 katao at nasagip naman ang tatlong Child-in-Conflict with the Law sa isinagawang 13 days Intensified Police Operations (IPO) ng Northern Police District (NPD) mula Mayo 3, 2022 hanggang Mayo 16, 2022.**

Buong pwersa na isinagawa ang anti-illegal drugs at anti-criminality campaign operations sa pamumuno ni NPD District Director Police Brigadier General Ulysses Cruz.

Sa mga Lungsod na nasasakupan ng NPD nakapagtala ng 49 na lumabag sa RA 9165; 67 na lumabag sa Illegal Gambling; 13 kasong Theft; dalawa sa kasong Robbery; 59 Wanted Persons; isang lumabag sa RA 10591 kaugnay sa Omnibus Election Code; anim na lumabag sa Batas Pambansa 6; isa sa Article 151 ng RPC; isa sa Article 294 ng RPC; isa para sa Attempted Homicide; isa para sa Attempted Murder; dalawa para sa RA 9262; lima na katao para sa RA 7610; isa sa Acts of Lasciviousness; isa para sa kasong RA 11313; isa sa kasong PD 1613; isa sa kasong RA 10883; walo na lumabag sa Liquor Ban; dalawa sa kasong Rape; dalawa sa Unjust Vexation; isa sa Reckless Imprudence; isa sa Grave Threat; dalawa sa PD 1612; at lima para sa Physical Injury.

Ang 29 na Anti-Illegal Drugs Operation ng Northern Police District kasama ang CAMANAVA City Police Stations ay nagbunga rin ng pagkakakumpiska ng 356.83 gramo ng shabu na may DDB value na Php2,426,444, at 10 gramo ng marijuana na may DDB value na Php1,200.

Patuloy na maglulunsad ng intensibong mga operasyon ang NPD sa pamamahala ni PBGen Cruz upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan ng Lungsod ng CAMANAVA. *(Isinulat ni PCpl Manuel)*

# 3 Vintage Bomb narekober ng Rizal PNP





**Baras, Rizal - Narekober ng Rizal PNP ang tatlong vintage bomb sa dalawang bayan ng Rizal nito lamang Lunes, Mayo 16, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Dominic Baccay, Provincial Director ng Rizal Police Provincial Office, ang dalawang Unexploded Explosive Ordinance (UXO) ay natagpuan sa Sitio Kapatagan, Brgy. Pinugay, Baras, Rizal ng anak ng isang magsasaka habang nagpuputol ng puno ng saging.

Samantala, isa ring vintage bomb ang natagpuan naman sa bakanteng lote sa Pulang Lupa, Buntong Palay, Brgy. Silangan, San Mateo, Rizal ng isang grab driver na agad pinagbigay alam sa San Mateo Municipal Police Station.

Dagdag pa ni PCol Baccay, ang mga narekober ay dalawang 81mm mortar at isang 80mm round mortar.

Pinaalalahanan ng PNP ang mamamayan na huwag mag-atubili na ipagbigay alam kung may matagpuan na kahina-hinalang bagay upang makaiwas sa panganib na maaaring idulot nito. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*

# OIC PNP @ UR SERBIS




*Ni PLtGen Vicente D Danao, Jr*

## Mahigpit na kampanya laban sa ilegal na droga sa ilalim ng Double-Barrel Finale Version 2022

Bago pa man matapos ang administrasyon ni President Rodrigo Roa Duterte ay patuloy ang ating hanay sa pagpapaigting ng ating kampanya laban sa ilegal na droga. Isa ito sa programang tinututukan ng pulisya upang puksain ang salot na ilegal na droga. Kaya naman, simula nang maupo bilang Pangulo si President Duterte ay wala tayong humpay sa pagsasagawa ng iba't ibang operasyon at kampanya upang hulihin ang mga taong sangkot sa paggamit, pagbebenta, at nagbibigay proteksyon sa ilegal na droga.

Sa ilalim ng Double-Barrel Finale Version 2022 o kilala bilang Anti-Illegal Drugs Operation through Reinforcement & Education (ADORE), mas lalong mahigpit ang ating kampanya laban sa ilegal na droga. Tuloy-tuloy ang ating isinasagawang operasyon, mapa-high value o low value personalities man.

Kabilang dito ang pagkakakumpiska sa 68 milyong halaga ng shabu sa isinagawang buy-bust operation ng ating mga operatiba katuwang ang PDEA at iba pang law enforcement agencies sa Brgy. Balibago, Angeles City, Pampanga noong May 22, 2022. Sa parehong araw din nahuli ng ating mga operatiba ang dalawang suspek at ang mahigit 3.4 milyong halaga ng shabu sa isinagawang drug operations sa Brgy. San Isidro, Sucat, Parañaque City.

Samantala, sa parehong araw din, tatlong high-value drug personalities naman ang arestado ng mga operatiba sa Valenzuela City matapos ang matagumpay na buy-bust operation na nagresulta sa pagkakakumpiska sa mahigt 81.6 milyong halaga ng shabu.

Huli rin ang tatlong suspek ng ating mga operatiba sa isinagawang buy-bust operation sa Bocaue, Bulacan sanhi upang makumpiska ang mahigt 3.4 milyong halaga ng shabu mula sa mga suspek.

Matagumpay din ang isinagawang anti-drug operations sa Brgy. Ngibat, Tinglayan, Kalinga na kung saan ay nasa 10.4 milyong halaga ng marijuana plants ang sinira at sinunog ng ating mga operatiba.

Huli rin ang dalawang high value individual at pagkakasira sa malawak na marijuana plantation sa magkahiwalay na operasyon na isinagawa ng ating mga operatiba sa Brgy. West Bajac-Bajac, Olongapo City at taniman ng marijuana sa Sitio Mabilig, Kayapa, Bakun Benguet na may halos 1.5 milyong halaga.

Matagumpay din ang isinagawang operasyon ng ating mga pulis sa Cebu City matapos nilang maaresto ang high value individual sa Barangay Duljo-Fatima sanhi upang makuha mula sa suspek ang 32 transparent packs ng shabu na may mahigit 4.7 milyong halaga.

Ilan lamang ito sa napakarami nating matatagumpay na operasyon laban sa ilegal na droga. Wala silang kawala mula sa batas at ito ay bunga ng ating mabusising paghahanda at intelligence-driven operation, katuwang ang iba't ibang law enforcement agencies at publiko. Ang lahat ng mga nahuling suspek ay nahaharap sa paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Pinapupurihanan ko ang lahat ng ating mga operatibang pulis para sa kanilang pagpupursige at maigting na pagsasagawa ng mga operasyon kontra ilegal na droga. Ang tagumpay natin laban sa ilegal na droga at tagumpay ng bawat Pilipino. Ito ay patunay na sa tulong ng ating mga kababayan ay mahuhuli natin ang mga suspek na silang sumisira sa buhay ng bawat isa.

Ipagpatuloy lang natin ang dakilang tagumpay na ito habang tayo naman ay walang humpay sa kampanya upang puksain ang banta ng droga na salot sa ating bansa.

# EDITORYAL

## Pangingikil at pagbabanta ng CTG iimbestigahan ng PNP

Ilang linggo lamang matapos ang national at local eleksiyon 2022 nakatanggap na naman ang pambansang pulisya ng reklamo at sumbong ukol sa di umano ay mga insidente ng pangingikil at pagbabanta ng mga pinaghihinalaang miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG).

Nito ngang ika-18 ng Mayo hiniling ng Commission on Human Rights (CHR) sa PNP na imbestigahan ang mga umano'y miyembro ng CTG na nagtangkang mangikil ng pera sa mga regional office ng CHR. Ayon nga sa Executive Director ng CHR na si Jacqueline De Guia ang mga tanggapan ng komisyon, partikular sa Northern Mindanao at Soccsksargen, ay nakatanggap ng mga banta mula sa mga indibidwal na nagpakilalang mga miyembro ng CTG.

Ayon kay CHR Executive Director De Guia, noong Mayo 11 ay nakatanggap ng tawag ang tanggapan ng CHR Soccsksargen mula sa isang nag-papakilalang kumander ng CTG at humihingi ng Php8,000 para di umano sa kanyang sugatang kasama pagtapos nito ay humingi din ng tulong ng abogado mula sa CHR kasabay ng pagbabantang kilala di umano nito ang lahat ng miyembro ng CHR Soccsksargen.

Sa kaparehas na araw, nakatanggap din ng tawag ang opisina ng CHR sa Northern Mindanao mula sa isang nagpapakilalang miyembro ng CTG na humihingi ng Php200,000 bilang tulong pinansyal. Nakatanggap din ang opisina ng tawag sa sumunod na araw mula sa isang taong may kaparehong boses na nagbanta sa isa sa mga imbestigador.

Bunsod nga nito, hiniling ng CHR ang tulong ng pambansang pulisya sa pagsasagawa ng malalimang imbestigasyon ukol sa mga insidenteng ito kasabay naman ng ikinakasang imbestigasyon ng CHR.

Bilang tugon, nagpahayag na ang mga awtoridad ng militar at pulisya na tutulungan ang CHR ng rehiyon 10 at 12 laban sa napaulat na pangingikil at pagbabanta ng mga personalidad na nagsasabing bahagi sila ng CTG.

Kaugnay nga nito, mariing kinokondena ng pamunuan ng PNP ang mga walang pakundangang gawaing ito ng pangingikil at pagbabanta laban sa CHR. Kaisa ng CHR ang PNP sa panawagan sa anumang institusyon, pribado man o pampubliko at pati narin sa mga indibidwal na huwag sumuko at magbigay sa anumang anyo ng pangingikil at pagbabanta mula sa mga miyebro ng CTG o sinumang indibidwal o grupo.

Sa mga nakaraang eleksiyon, isa sa mahigpit na binabantayan ng PNP ang extortion activities ng mga rebeldeng komunista lalo na ang pangongolekta ng mga ito 'permit-to-campaign' na bayad mula sa mga pulitiko ngunit ngayon kahit tapos na ang eleksiyon ay meron parin silang mga extortion activity na ang biktima naman ngayon ay ang CHR.

Kayong mga miyembro ng CTG ang laging nagsasabi na ang mga kapulisan at kasundaluhan ang mga lumalabag sa karapatang pantao ngunit tila sa kumakailan laman na inyong ginawa na pagbabanta at pangingikil sa mismong tanggapan ng tagapagtaguyod ng karapatang pantao, sino kaya ang talagang nangunguna sa paglabag sa karapatang pantao? Ang mga pulis at sundalo na lagi ninyong patraydor na pinapatay?

Kayong mga terorista ay wala na talagang pinipiling panahon at biktima mapapribadong tao man o empleyado ng gobyerno, mapapribadong organisasyon man o pampublikong tanggapan pero ito lang natitiyak ko, sukdulan na ang galit ng mamamayang Pilipino sa walang pakundangang paghahasik ninyo ng kaguluhan sama-sama ang buong sambayanan upang tuluyan na kayong malupig at matigil na ang inyong kasamaan.

# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## OIC PNP PLtGen Vicente Danao Jr., nanguna sa "6th PNP-EOD/K9 Group Anniversary" sa Camp Crame

Nanguna si OIC PNP, PLtGen Vicente Danao Jr., bilang Guest of Honor and Speaker sa "6th PNP-EOD/K9 Group Anniversary" na ginanap sa PNP Multi-Purpose Center sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Ayon sa bagong talagang PNP-EOD/K9 Group Director, PBGen Ritchie Medardo A Posadas, tema anya sa kanilang pagdiriwang ngayong taon ay ang "Competency and Community Awareness: Realizing Lasting Partnership of Outstanding Service and Safer Community" na kung saan ay highlights din sa nasabing pagdiriwang ay ang pagbibigay ng pagkilala at parangal sa mga pulis na nagpamalas ng kanilang magagandang accomplishments hindi lamang sa PNP-EOD/K9 Group kundi maging sa Pambansang Pulisya sa pangkalahatan.

Kabilang sa mga tumanggap ng parangal sa pamamagitan ng Individual Awards Category ay sina: PCol Rommel Magleo bilang Outstanding PCO for Administration; PMaj Serafin Jun Reyes bilang Outstanding PCO for Operations; PLt Christian Nail Laid bilang Best Junior PCO for Administration; PCpt Freddie Cayot bilang Best Junior PCO for Operations; PEMS Alex Cayda bilang Best Senior PNCO for Administration; PMSg William Camarao bilang Best Senior PNCO for Operations; PCpl Rod Kim Felix bilang Best Junior PNCO for Administration; PCpl Maria Crizelle Cererra bilang Best Junior PNCO for Operations; PCpt Edwin Calcitas bilang Unit PCO for Administration; PCpt Zacharry Vitaliano bilang Unit PCO for Operations; PSMS Percival Callanta bilang Unit Senior PNCO for Administration; PEMS Jonathan Nodado bilang Unit Senior PNCO for Operations; PCpl Jessica Vicente bilang Unit Junior PNCO for Administration; PSSg Alex Santos Jr., bilang Unit Junior PNCO for Operations; PMaj Roderick Dismaya bilang Best Intelligence PCO; PSSg Christopher Merioles bilang Best Intelligence PNCO; at si PCpl Geraldin Samortin bilang Best PCR PNCO.

Sa Special Awards Category naman ay tumanggap din ng parangal ang RECU NCR; RECU Cordillera; PECU Rizal; DECU Manila Police District; CECU Baguio City; NDD "Stark" and Handler PSSg Lester Balana; at EDD "Happy" and Handler PCpl Rossmond Closa. Bilang pagkilala naman sa mga naging tulong at kontribusyon ng mga grupo at mga indibidwal ay tatanggap din ng parangal sa pamamagitan ng Stakeholders Awards Category. Ito ay sina Mr. Ronald Dizon; Hon. Juan Carlos Medina; Hon. Reynaldo Tamayo Jr.; Hon. Honey Lumayag Matti; Hon. Nelson Legacion; Hon. Atty. Solomon Chungalao; Hon. Ramil Hernandez; Hon. Rebecca " Nini" Ynares; Hon. Manuel Mamba; Hon. Vilmer Viloria; Hon. Rodolfo Albano III; Hon. Joseph Tan; Hon. Bernard La Madrid Dy III; Hon. Carlos Padill; Hon. Marjorie "Jojie" Perales; Dr. Tony Ferrer; Ms. Rhea Delos Reyes; Ms. Agnes Cutay; Ms. Anne Camsawen; ganon din ang SM Baguio City; at ang Diamond Security Agency sa Baguio City.

Binati at pinasalamatan naman ni OIC PNP, PLtGen Vicente Danao ang PNP-EOD/K9 Group sa pamumuno ni PBGen Posadas dahil sa kanilang mga kontribusyon sa Pambansang Pulisya mula noon hanggang ngayon o halos anim na taon na ang nakararaan. Pinuri din niya ang mga mahalagang-ginagampanang papel at mandato ng PNP-EOD/K9 Group sa Pambansang Pulisya.





# EDITORIAL BOARD

**PLTGEN VICENTE D DANAO, JR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL MARVIN JOE C SARO**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Salamat po Inay!

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Bawat sandali sa ating buhay ay isang pagpapala sa ating buhay. Sa ating paggising kasama ang ating pamilya, mayroong trabahong ginagampanan, at nakakakain ng higit na tatlong beses araw. Salamat sa Panginoong Diyos!

Itong buwan ng Mayo ay ating ginugunita ang "Araw ng mga Ina". Sa natatanging araw na ito, ating binibigyang halaga ang mga nanay na nagmahal at nag-aruga sa atin mula sa pagkabata at hanggang sa mayroon ng pamilya at nandiyan pa rin si nanay na kumakalinga at nag-aasikaso sa atin. Ang munting tula na ito ay alay ko sa mga "Ina ng tahanan," bilang pagsaludo at paggalang sa kanilang ginawa para sa kanilang mga anak.

"INAY"

Inalagaan kami mula sa pagkabata
Hanggang ngayon ay kumakalinga
Kahit ngayon mayroon ng pamilya
Nariyan ka at sa ami`y nag-aalala
Nag-aasikasiso sa gawaing bahay
Ang iyong paggawa`y walang humpay
Paghihirap mo ay hindi alinatana
Makita niya lamangna kami`y msaya
Ang mga payo mo`y aming inspirasyon
Kalakasan at gabay naming sa buhay
Aming naranasan pag-ibig mong tunay Mananatili sa puso habang panahon Yaman kang maituturing aming ina'y Salamat po kami`y iyong binuhay Pagmamahal sa iyo`y aming iaalay Ipapadama sa iyo habang buhay.

Napaka-inam po na habang nabubuhay ang ating nanay ay ating maipadama ang ating pagmamahal sa kanila. Ang kanilang pagmamahal at sakripisyo ay hindi natin kayang bayaran. Hindi naman kailangan ang mamahaling regalo. Ang pagbati sabay ang mahigpit na pagyakap sa kanila at pagsabi na, "Nanay mahal na mahal ka namin ay magbibigay ito ng kagalakan sa kanilang puso. Samantalahin natin ang pakakataon habang sila ay nabubuhay, habang naririnig pa nila ang ating mga tinig, at habang may pagkakataon tayong ipadama ito sa kanila. Bago man sila pumanaw baon nila sa kanilang puso ang pagmamahal at masayang ala-ala na kanilang naranasan. Sa kanilang puso at isipan ay ikinarangal nila na sila ay naging mabuting ina.

Ikaw, ako at tayong lahat ay isang patototoo, na tayo ay hinubog at ginabayan ng ating ina upang maging isang mabuti at responsableng anak. Tinuruan tayo ayon sa aral at tuntunin ng "Banal na Kasulatan."

Ako po ay saludo sa mga "Nanay ng Pulis," dalangin ko sa Panginoong Diyos na ibayong kalakasan ay mula sa Kanya ang inyo pong maranasan!

## Tatlong kabataan, patay sa pamamaril sa Polomolok, South Cotabato

**Polomolok, South Cotabato - Patay ang tatlong kabataan sa nangyaring pamamaril sa Polomolok, South Cotabato nito lamang Linggo, Mayo 15, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Neil Sally Wandingan ang mga biktima na sina Jade Abpit y Jamal, 16; Abdul Rahman Sumapal y Jeorfo, 17; at Nasser Diamalo y Maguisulan, 16 na parehong estudyante at residente ng Prk 1, Brgy. Sumbakil, Polomolok, South Cotabato.

Ayon kay PLtCol Wandingan, bandang 5:30 ng hapon ng makatanggap ng tawag mula sa isang concerned citizen ang Polomolok MPS na may nangyaring pamamaril sa nasabing lugar. Agad naman itong pinuntahan ng mga tauhan ng nasabing istasyon upang beripikahin ang ulat.

Ayon sa inisyal na imbestigasyon, ang mga biktima ay ilegal na nag-aani ng bunga ng niyog sa loob ng coconut farm sa boundary ng Sitio Basak, Polonuling, Tupi, South Cotabato at Prk. 1, Brgy Sumbakil, Polomolok, South Cotabato, nang biglang sumulpot ang tatlong lalaki na may mahabang baril na inilagay sa loob ng sako at pinaputukan ang mga biktima na nagresulta sa agarang kamatayan ni Sumapal at Diamalo, habang si Abpit ay nagawa pang makatakbo hanggang sa compound ng Merabueno Farm kung saan siya ay naabutan ng mga suspek at doon na pinatay.

Ayon pa kay PLtCol Wandingan tumakas ang mga suspek gamit ang dalawang motorsiklo na XRM 125 na walang plaka at Kawasaki Bajaj na kulay blue at wala ding plaka.

"Lubos kaming nakikiramay sa pamilyang naulila. Makatitiyak sila na isasagawa namin ang mas malalim na imbestigasyon. Sa komunidad, hinihingi namin ang inyong kooperasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa amin ng impormasyon na hahantong sa posibleng pagkakakilanlan ng mga salarin," ani PLtCol Wandingan. *(Panulat ni Patrolman Gio Batungbacal)*

## Carnapper, patay matapos makipagbarilan sa mga pulis sa Sultan Kudarat

**Sultan Kudarat - Patay ang isang carnapper/motornapper matapos makipagbarilan sa mga tauhan ng PNP sa Sitio Torre, Purok Rang-ay, Brgy. Poblacion, Lambayong, Sultan Kudarat nito lamang Lunes, Mayo 16, 2022.**

Ayon kay PMaj Jenahmeel Tanacao, bandang 8:10 ng gabi pumunta sa tanggapan ng Lambayong MPS si Alfonso Domingo, 43, isang magsasaka, residente ng Brgy. Didtaras, Lambayong Sultan, upang humingi ng tulong dahil siya umano ay naging biktima ng carnapping/motornapping.

Agad namang nagsagawa ng manhunt operation ang Lambayong MPS katuwang ang mga tauhan ng Sultan Kudarat Highway Patrol Group, Sultan Kudarat Provincial Intelligence Unit, Regional Intelligence Division 12 Tracker Team Delta upang tugisin ang nasabing suspek.

Ayon pa kay PMaj Tanacao bandang 8:16 ng gabi habang binabaybay ng rumespondeng grupo ang Sitio Torre, Purok Rang-ay, Brgy. Poblacion kasama ang biktima ay nakita at nakumpirma ng biktima ang kanyang motorsiklo na sinasakyan ng suspek.


Dagdag pa ni PMaj Tanacao, nang makita ng suspek ang rumespondeng grupo ay bigla nalang nitong pinaputukan ang grupo na nagresulta sa palitan ng putok mula sa suspek at kapulisan.

Agad naman dinala ang sugatang suspek sa Evangelista Medical Clinic and Hospital ngunit ito ay idineklarang dead on arrival ng attending physician ng nasabing ospital.

Positibo namang kinilala ng ina ng suspek ang bangkay na si Norhamin Tato Kamsa, residente ng Brgy. Malala, Datu Paglas, Maguindanao.

Narekober mula sa pinangyarihan ng insidente ang isang itim na XRM 125 na may plate number PN 343MPF at isang caliber .45 pistol na may serial number 132951 kasama ang tatlong FCC ng caliber 9mm, isang FCC ng caliber .45 at mga live ammunitions. Narekober din mula sa suspek ang isang pakete ng hinihinalang shabu na may tinatayang halaga na Php2,000.

Pinuri naman ni Regional Director, Police Brigadier General Alexander Tagum ang mga rumespondeng pulis aniya, "Ang mabilis na pagkilos ng ating mga pulis sa insidente ng motornapping na ito ay isang patunay na dedikado ang Police Regional Office 12 sa kanilang sinumpaang tungkulin. Gayundin, nais kong paalalahanan ang ating mga kababayan na maging mas maingat at maging mapagbantay palagi upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari sa hinaharap." *(Panulat ni Patrolman Gio Batungbacal)*



# "Tindahan mo, Ablihan ni TSIP" Project, inilunsad ng Carmen PNP sa Cebu






**Carmen, Cebu – Kasabay ng turn-over at blessing ng "'Kapehan sa Pulis ug Katawhan" ng Carmen Police Station, matagumpay din na inilunsad ng mga miyembro ng naturang istasyon ang proyektong "Tindahan Mo, Ablihan ni TSIP" sa Brgy. Poblacion, Carmen, Cebu nito lamang Miyerkules, ika-18 ng Mayo 2022.**

Ang mga nasabing aktibidad ay pinangunahan ng Acting Chief of Police ng Carmen Police Station na si Police Major Eric C Gingoyon na siyang pormal na dinaluhan ni Police Brigadier General Roque Eduardo Vega, Regional Director ng Police Regional Office 7.

Ayon kay PMaj Gingoyon, sa naturang programa ay opisyal na tinanggap ng kauna-unahang recipient ng proyektong, "Tindahan Mo, Ablihan ni TSIP" na si Nanay Cecilia Pupa ang kanyang sari-sari store.

Si Nanay Cecilia ay isang single mother at may tatlong anak na mula sa Brgy. Poblacion, Carmen. Nagtatrabaho ang Ginang bilang fish vendor sa madaling araw at bilang banana cue vendor sa hapon.

Lubos naman ang pasasalamat ng pamilya Pupa sa tulong na ipinagkaloob ng kapulisan sa mga ito.

Hangad ng hanay ng PNP na matulungan ang ating mga kababayan na mapaganda at mapagaan ang kanilang pamumuhay.




# Pagsasagawa ng immunization sa 13 na bata, sinigurong ligtas ng RMFB 11 R-PSB sa Davao City



Davao City - Sinigurong ligtas ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 11 Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Team Marilog Sub-Cluster 3 ang pagsasagawa ng immunization sa 13 na bata sa Sitio Suawan Proper, Brgy. Suawan, Marilog District, Davao City, noong Mayo 19, 2022.

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Patrolman Carlo Lomibao sa pangangasiwa ni PLt Rock Dela Rosa, Team Leader, kasama si Pat Pedrosito Revamonte Jr., Police Community Relations PNCO, 1105th Maneuver Company, RMFB11 katuwang ang Barangay nurse ng nasabing lugar na si Christine Jan Templanza.

Malaki ang naging pasasalamat ng mga residente sa lugar dahil hindi sila pinapabayaan ng ating kapulisan na nagresulta naman sa maayos at matagumpay na aktibidad. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*



# BFP at PNP mabilis na rumesponde sa nasusunog na ice plant sa Puerto Princesa




**Matahimik, Puerto Princesa - Mabilis na rumesponde ang mga tauhan ng BFP at PNP sa nasusunog na Ice Plant sa Kalye Bajo, Zone 1, Barangay Matahimik, Puerto Princesa noong Lunes, Mayo 16, 2022.**

Pinangunahan ni Fire Chief Inspector Nilo Caabay Jr, City Fire Director ng Puerto Princesa City katuwang ang Puerto Princesa City PNP ang pagresponde sa naturang ulat kasama ang iba't ibang unit mula sa City Disaster Risk Reduction Management Council, lorry truck mula sa Puerto Princesa City Water District, Philippine Coastguard, City Anti-Crime Task Force at mga opisyales ng Brgy. Matahimik.

Ang naturang ice plant ay pagmamay-ari ni Michelle Timon.

Ayon sa ulat, 5:32 ng umaga noong Mayo 16 nang matanggap nila ang fire call mula sa 911 ngunit tinatayang 5:00 ng umaga nagsimula ang sunog.

Naideklara naman ang fire under control bandang alas 6:45 ng umaga.

Samantala, nagpapatuloy ang isinasagawang imbestigasyon ng BFP katuwang ang PNP upang matukoy ang dahilan ng sunog at halaga ng iniwang pinsala sa nasunog na ice plant. *(Panulat ni Patrolman Erwin Calaus)*



# PNP PRO 5 nagsagawa ng Random Drug Testing sa kanilang hanay

**Camp General Simeon Ola, Legaspi City - Nagsagawa ng random drug testing ang Police Regional Office 5 sa mga kapulisan sa buong rehiyon nitong Miyerkules, Mayo 18, 2022.**


Pinangunahan ni Police Brigadier General Mario Reyes, Regional Director, Police Regional Office 5 ang surprise drug test sa hanay ng PNP Bicol upang tiyakin na ang kapulisan ay hindi sangkot sa ipinagbabawal na paggamit ng droga.


Nakiisa ang Police Provincial Office at City Police Office sa random drug testing. Nasa 10 na kapulisan ng Albay PPO, 30 sa Camarines Norte PPO, 35 sa Camarines Sur PPO, 31 sa Catanduanes PPO, 100 sa Masbate PPO, 14 sa Sorsogon PPO at 100 sa Naga City Police Office ang mga sumailalim sa naturang aktibidad.


May kabuuang 372 na kapulisan ang sumailalim sa surprise drug test na sabay sabay na isinagawa sa buong rehiyon.


Ayon kay PBGen Reyes, ang random drug testing na ito ay isa lamang sa mga manipestasyon ng ating pangako na tiyakin ang ating mga kapulisan ay hindi sangkot sa ipinagbabawal na paggamit ng droga. Dahil totoo na gusto natin gawing drug free ang ating komunidad at bilang mga nagpapatupad ng batas, dapat tayo ang unang sumunod dito. *(Panulat ni Patrolman Rodel Grecia)*






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

Ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ang pangunahing tungkulin ng mga Alagad ng Batas. Ang pagtatanggol at pagbibigay nang proteksyon sa mamamayan ang dapat mangibabaw sa mga gampanin na dapat isakatuparan ng bawat kasapi ng Pambansang Pulisya sa anumang oras at saan mang pook. Malinaw ang mga batayang adhikaing ito sa bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP).

509th Provincial
Mobile Group

Alas 9:00 nang umaga, November 9, 2009, nakatanggap ng inpormasyon ang tropa ni PLT JERSON DE LEON tungkol sa panggugulo at pananakot ng mga armadong grupo sa bahay ng isang Garry Goyala sa Barangay JP Laurel, Bulan, Sorsogon. Dahil sa hangaring mabigyan nang proteksyon ang tahimik na mamamayan laban sa mga manliligalig, agad na rumesponde sa nasabing lugar ang team ni PLT DE LEON subalit agad na nakatakas ang armadong grupo na kanilang target.

Dahil dito ay nagpasya nang bumalik sa kanilang himpilan ang tropa ng PNP at binagtas ang ibang daan patungo sa kanilang kampo. Hindi nila alam na pumasok sila sa nakaumang na patibong ng mga kasapi ng New People's Army. Alas 11:00 ng umaga, binabaybay ng tropa ang kalsada sa Barangay Antipolo nang biglang yumanig ang lupa. Sumabog sa gitna ng kalsada ang isang landmine na itinanim ng mga NPA. Dahil sa lakas nang impact ay tumilapon nang may 20 metro ang behikulong kinalululanan ng mga Pulis.


Nakakabingi ang atungal ng matataas na kalibre ng baril, pinaulanan ng bala ng mga NPA ang mga pulis. Sa unang bugso ng pagsabog ay agad na namatay sina PLT DE LEON, PMSgt Johnson Gerola, PCpl Darwin Detoit at Pat Ryan Padrique. Nasugatan naman sina Pat Frans Guamos, Pat Al ain Lanuza at Pat Alwin Baldano. Sa kabila nang sinapit na kamatayan ng apat na kasamahan, hindi nawalan ng loob ang tatlong sugatang Alagad ng Batas at buong bangis na gumanti ng putok sa mga NPA. Buong giting na lumaban ang tatlo, HANGGANG SA HULING PATAK NG DUGO!!! Ito ang malinaw na prinsipyong nakatanim sa nag-aalab na hangarin ng tatlo na lumaban para sa mamamayan at DEMOKRASYA. Dahil sa ipinamalas na katapangan ng mga pulis ay napilitang umurong sa labanan ang nakakaraming bilang ng mga tumambang lalo na nang dumating ang reinforcement troops ng pamahalaan.

Nang humupa ang labanan, agad na isinugod sa pinakamalapit na ospital ang tatlong sugatang pulis upang malapatan nang kaukulang lunas. Panlulumo naman ang lumukob na emosyon sa mga rumespondeng tropa ng gobyerno nang makita ang madugong wakas na sinapit ni PLT DE LEON at tatlong tauhan. Muling dinilig ng dugo ng mga Alagad ng Batas ang lupain ng Sorsogon upang maipagtanggol ang mamamayan laban sa mga manliligalig at kaaway ng Demokrasyang Pilipino.

Sa bawat buhay na ibinubuwis ng isang pulis, sa bawat dugong ibinubuhos ng isang kasamahan natin sa serbisyo ay lalong tumitingkad ang kulay pulang bahagi ng ating watawat. Kulay dugong sumasagisag sa busilak na hangarin ng bawat isa sa atin na paglingkuran nang tapat at buong puso ang mamamayang Pilipino maging ang katumbas man nito ay ang ating buhay!

Saludo sa inyong kagitingan at sakripisyo!

# 4 na suspek arestado sa magkahiwalay na operasyon ng QCPD



**Arestado ang apat na suspek sa magkahiwalay na operasyon ng QCPD nito lamang Sabado, Mayo 14, 2022.**

Kinilala ni Quezon City Police District (QCPD) Director, PBGen Remus Medina, ang isang suspek na si Sheena Mavrick Morales y Tinio, 28, residente ng Brgy. Rosario, Santiago City, Isabela.

Ayon kay PBGen Medina, naaresto si Morales sa bisa ng Warrant of Arrest sa nasabing lugar ng mga tauhan ng Eastwood Police Station 12 sa pamumuno ni PLtCol Gilmore Wasin sa kasong Syndicated Estafa at Swindling (Estafa).

Ayon pa kay PBGen Medina, tatlong wanted persons naman ang naaresto sa magkahiwalay na operasyon ng La Loma Police Station (PS 1) sa pamumuno ni PLtCol Garman Manabat.

Kinilala ni PBGen Medina ang mga akusado na sina Gregmar Cabibijan, 21, residente ng Bolaños Compound, Brgy. Tatalon, Q.C.; Jericho Capate, 24, residente ng Kaliraya Street, Brgy. Tatalon, Q.C.; at Mark Angelo Mangete, 21, residente ng Pleasant Ville Residence, San Jose Del Monte, Bulacan.

Ang mga suspek na sina Cabibijan at Capate ay naaresto sa kasong 3 Counts of Rape habang si Mangete naman ay inaresto sa kasong 3 Counts of Rape at paglabag sa RA 9995 o Anti-Photo and Video Voyeurism Act of 2009.

"Mariin nating kinokondena ang krimeng nagawa ng mga akusado, kaya naman hindi tayo nagdalawang-isip na iharap ang mga ito sa korte ng paglilitis sa ngalan ng hustisya para sa kanilang biktima," saad ni PBGen Medina. *(Panulat ni NUP Loreto B. Concepcion)*


# Top 1 Most Wanted Person ng CALABARZON sa kasong Rape arestado sa Alfonso, Cavite

**Alfonso, Cavite - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (Regional Level) ng Calaca PNP at RMFB 4A sa kasong Rape nito lamang Huwebes, May 19, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Antonio Yarra, Regional Director ng Police Regional Office 4A, ang suspek na si Florencio Mejica Mugas Jr, 59, residente ng Felix St. B13 L4 Katarungan Village, Muntinlupa City.

Ayon kay PBGen Yarra, bandang 10:30 ng gabi naaresto si Mugas sa Brgy. Amuyong, Alfonso, Cavite sa isinagawang joint operation ng Calaca Municipal Police Station at Regional Mobile Force Battalion 4A sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape (5 counts) na walang nirekomendang piyansa.

"Ang Batangas PNP ay walang humpay sa paglulunsad ng mga operasyon laban sa mga kriminal na gaya nito, na ilang taon ding nakapagtago sa batas. Hindi po kami tumitigil na bigyan kayo ng isang maayos at payapang komunidad. Tuloy-tuloy lang po kami sa paglilingkod at pagseserbisyo ng Tama, Tapat, Tapang at may Malasakit para sa Sambayanang Pilipino", ani ni PBGen Yarra. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Elvis Arellano)*




# Wanted Person boluntaryong sumuko sa Catarman PNP

**Catarman, Camiguin - Boluntaryong sumuko ang isang Wanted Person sa tanggapan ng Catarman PNP nito lamang Martes, Mayo 17, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Elias Hampac, Officer-in-Charge ng Camiguin Police Provincial Office, ang sumuko na si Romeo Caharian Amor II, 28, seaman at residente ng Alga, Catarman, Camiguin.

Ayon kay PCol Hampac, dakong 9:50 ng umaga nang personal na pumunta ang suspek sa tanggapan ng Catarman PNP upang harapin ang Warrant of Arrest sa kasong paglabag sa RA 9995 o Anti-Photo and Video Voyeurism Act of 2009.

Hinihikayat ng Pambansang Pulisya sa mga taong nagtatago sa batas na mas mabuti ng sumuko na lamang upang mapairal ang kapayapaan. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo/RPCADU 10)*

# Guro arestado sa kasong Adultery ng Zamboanga PNP

**Zamboanga City – Arestado ang isang guro sa isinagawang Manhunt Charlie ng Zamboanga PNP nito lamang Martes, Mayo 17, 2022.**

Kinilala ni Police Major Ramon Aquiatan Jr, Chief of Police ng Zamboanga City Police Station 5, ang naarestong suspek na si Sharon Orcia y Pedro, 39, guro at residente ng Barangay Lunzuran, Zamboanga City.

Ayon kay PMaj Aquiatan, bandang 3:50 ng hapon ng naaresto si Orcia, sa Tumaga-Putik Road, Brgy. Tumaga, Zamboanga City ng mga operatiba ng Zamboanga Police Station 5 sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Adultery.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy sa mandato na ipatupad ang batas at siguraduhin ang kaligtasan ng bawat mamamayan. *(Panulat ni Patrolman John Ronald Tumonong/ RPCADU 9)*

# 4 former rebels nakatanggap ng livelihood equipment sa tulong ng PNP




**Nueva Vizcaya - Tumanggap ng livelihood equipment ang apat na former rebels mula sa Department of Labor and Employment sa tulong ng Nueva Vizcaya PNP sa Camp Saturnino, Bayombong, Nueva Vizcaya nitong Martes, Mayo 17, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Ranser Evasco, Provincial Director ng Nueva Vizcaya Police Provincial Office, tatlo sa mga dating rebeldeng ito ay mula sa bayan ng Villaverde at ang isa naman ay mula sa Bagabag, Nueva Vizcaya.

Nakatanggap ang mga benepisyaryo ng dalawang Welding Service Kit at dalawang Organic Vegetable Production Kit na nagkakahalaga ng humigit kumulang Php30,000 bawat isa.

Dagdag pa ni PCol Evasco, layunin ng aktibidad na maiparamdam sa mga dating rebelde na nagpasyang magbalik-loob ang tulong at malasakit ng pamahalaan sa tulad nila.

Samantala, lubos naman ang naging pasasalamat ng apat na benepisyaryo sa natanggap nila mula sa gobyerno sa tulong na rin at gabay ng Nueva Vizcaya PPO.

Patuloy naman ang Nueva Vizcaya PNP kasama ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa pagpapaigting ng kampanya laban sa terorismo sa kanilang nasasakupan. Hinikayat din nila ang iba pang mga natitirang miyembro ng teroristang grupo na sumuko na at magbalik-loob sa gobyerno upang makapamuhay ng tahimik kasama ng kanilang mga pamilya. *(Sa panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# 2 miyembro ng CTG boluntaryong sumuko sa Isabela





**Ilagan City, Isabela - Boluntaryong sumuko sa pamahalaan ang dalawang miyembro ng Communist Terrorist Group sa Ilagan City, Isabela nito lamang Martes, Mayo 17, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Jeffrey Raposas, Force Commander ng 1st Isabela Provincial Mobile Force Company ang mga sumuko na sina alyas "Emma", 44, at alyas "Len-Len", 65, kapwa residente ng Sitio Caunayan, Brgy. Old, San Mariano, Isabela.


Ayon kay PLtCol Raposas, sumuko ang dalawang miyembro sa pagtutulungan at pagsisikap ng mga tauhan ng 1st Isabela PMFC, San Mariano Municipal Police Station, Criminal Investigation and Detection Group-Isabela PFU, 201st RMFB2, 142 Special Action Company, PNP-Special Action Force, Regional Intelligence Unit 2 at sa pakikipag-ugnayan sa 86th at 95th Infantry Battalion, 502nd Brigade, PA.

Kasabay nito ay isinuko rin ni alyas "Emma" ang kanyang baril na inisyu ng isang alyas "Ayang", sa CTG Tracker Team para sa tamang disposisyon at dokumentasyon.

Dagdag pa ni PLtCol Raposas, napadali at naging matagumpay ang pagsuko ng dalawa dahil sa patuloy na pagpapaigting ng Retooled Community Support Program gaya ng Project MASK (Malasakit Akmang Sagot sa Krisis) at Project SUBLI (Sarili Mo'y Uusad Biyayang Pangkabuhayan Laan na aming Igagawad) ng Isabela 1st PMFC.

Ang pagsuko ng bawat CTG ay nagpapakita lamang ng magandang resulta ng pursigidong pagkumbinsi ng pamahalaan at kapulisan sa mga teroristang grupo at patunay na nagpapakita ng epektibong pagsulong sa kampanya laban sa terorismo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC. *(Panulat ni Patrolwan Juliet Dayag)*

# Miyembro ng Communist NPA Terrorist (CNT), boluntaryong sumuko sa 2nd Eastern Samar PMFC






**Eastern Samar – Isang miyembro ng Communist NPA Terrorist (CNT) ang boluntaryong sumuko sa mga kapulisan ng 2nd Eastern Samar Provincial Mobile Force Company sa Brgy. Buenavista, Quinapondan, Eastern Samar noong Lunes, Mayo 16, 2022.**

Kinilala ni PLtCol Rolando Dellezo, Acting Force Commander ng 2nd Eastern Samar PMFC ang sumuko na si alyas "Ka Bater", 57, magsasaka at residente ng Brgy. Magsaysay, Gen. Mac Arthur, Eastern Samar.

Napag-alaman ding miyembro ito ng Squad 2 sa pamumuno ni alyas Apin/Ega, Platoon CO ng Apoy Platoon FC SE SRC SESAME sa ilalim ni Gavino Guarino alyas "Mael/Suyo", Non PSR Listed.

Ayon kay PLtCol Dellezo, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Executive Order No. 70 National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at ng inisyatiba ng 2nd Eastern Samar PMFC ay agad na nakumbinsi ang isang regular na miyembro ng CNT at kusang-loob na tumalikod sa armadong pakikibaka at nagpasyang maging produktibong mamamayan dahil sa Long-Range Operation (Oplan Mayo 2022) na isinagawa ng 2nd Eastern Samar PMFC sa paligid ng Sitio Tiga, Brgy. Magsaysay Gen. Mac Arthur, Eastern Samar.

Ayon pa kay PLtCol Dellezo, nagresulta ito ng pagkarekober ng dalawang long firearm: isang M16A1 (ELISCO) na may serial number na RP161450 at isang M16A1 (ELISCO) na may defaced serial number kasama ng dalawang mahabang magazine assembly para sa M16, apat na short magazine assembly para sa M16, 132 piraso na 5.56 live ammunitions, isang IED hand grenade at isang bandolier.

Ang surrenderee ay nasa kustodiya ng 2nd Eastern Samar PMFC para sa pagproseso at ieendorso sa Enhanced Comprehensive Local Integrations Program (E-CLIP), ang programa na tulong ng gobyerno para sa mga nagbabalik loob na mga rebelde.

Mensahe ni PLtCol Dellezo, "Ang ating mga tauhan ay nagsisikap sa abot ng kanilang makakaya sa katuparan ng pagpuksa sa mga Communist Terrorist Groups (CTGs) at patuloy na palalakasin ang intelligence strategy upang makamit ang mas mataas na layunin na pagkakaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa lalawigan". *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

# 4 na miyembro ng Milisyang Bayan, sumuko sa PNP Regional Mobile Force Battalion MIMAROPA



**Occidental Mindoro - Sumuko ang apat na dating miyembro ng Milisyang Bayan sa PNP Regional Mobile Force Battalion MIMAROPA (RMFB 4B) sa Occidental Mindoro, noong Huwebes, Mayo 19, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Rolando Lampad, Regional Mobile Force Battalion 4B Commander ang mga sumuko na sina "Ka Ed", 42; "Ka Noel, 66; "Ka Ading", 63; at "Ka Patok", 64, pawang mga residente ng San Jose, Occidental Mindoro.

Ayon pa kay PCol Lampad, si "Ka Ed", "Ka Noel," Ka Ading", at "Ka Patok" ay boluntaryong sumuko sa mga tauhan ng 3rd Platoon, 405th B Maneuver Company Headquarters sa pangunguna ni Police Captain Khonevey Maske sa Sitio Zigzag, Brgy. Batasan, San Jose, Occidental Mindoro pagkatapos ng ilang buwan na negosasyon.

Nasa kustodiya na ngayon ng RMFB 4B ang nasabing mga dating Milisyang Bayan surrenderers para sa debriefing bago ang kanilang enrollment sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Sinabi naman ng Regional Director ng PRO MIMAROPA na si Police Brigadier General Sidney Hernia na ang matagumpay na pagsuko ay direktang resulta ng walang humpay na kampanya ng PNP kontra insurhensya, sa aktibong pakikipagtulungan ng Philippine Army, at iba pang ahensya ng gobyerno sa ilalim ng NTF-ELCAC (National Task Force to End Local Communist Armed Conflict).

Binabati naman ni PBGen Hernia ang kanyang mga tauhan para sa kahanga-hangang tagumpay na ito. Umaasa ang pamahalaan na ito ay magdadala ng isang matunog na mensahe sa lahat ng iba pang miyembro ng CTG na sumuko na din at magbagong buhay. *(Panulat ni Patrolman Jorge Michael C Bardiago)*

# 36 suspek arestado sa Simultaneous Anti-Drug Operation ng Laguna PNP

**Laguna - Naging matagumpay ang isang araw na Simultaneous Anti-Drug Operation ng Laguna PNP kung saan 36 na suspek ang naaresto nitong Huwebes, Mayo 19, 2022.**

Ang pinaigting na kampanya ng Laguna Police Provincial Office sa pamumuno ni Police Colonel Cecilio Ison Jr, Provincial Director laban sa ilegal na droga ay nagresulta ng pagkaaresto ng tatlumpu't anim na indibidwal kabilang ang isang High Value Individual at pagkakumpiska ng 19.21 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng Php135,151 sa isinagawang operasyon sa probinsya ng Laguna.


Samantala, kinilala ni Police Colonel Ison Jr., ang naaresto na High Value Individual na si Marlon Timog y De Guzman, 49, na naaresto sa Sitio Lote, Brgy. Lecheria, Calamba City, Laguna sa buy-bust operation ng Calamba City Police Station bandang 8:01 ng gabi.

Ayon pa kay PCol Ison, nakumpiska sa suspek ang anim na piraso ng heat-sealed transparent plastic sachets ng hinihinalang shabu; isang piraso na caliber .38 na walang serial number at anim na pirasong live ammunition.

Nahaharap si Timog sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act in relation to Omnibus Election Code.

Binigyang-pugay naman ni PCol Ison ang malaking operational accomplishments ng kanyang nasasakupan upang mapanatili ang kapayapaan sa kanilang pamayanan. *(Panulat ni PEMS Joe Peter Cabugon/RPCADU 4A)*

# Php3.7M halaga ng shabu narekober; suspek patay sa engkwentro sa Tawi-Tawi



**Tawi-Tawi – Narekober ang Php3,740,000 halaga ng hinihinalang shabu habang patay naman ang suspek matapos makipagpalitan ng putok sa mga operatiba ng PNP at Marines sa Brgy. Tubig Tanah, Bongao, Tawi-Tawi nito lamang Lunes, Mayo 16, 2022.**

Kinilala ni Police Captain Kuhutan Hora Imlani Jr, Officer-in-Charge, Bongao Municipal Police Station ang suspek na si Akmarahim Jainal.

Ayon kay PCpt Imlani Jr, matapos makatanggap ng tawag mula sa isang concerned citizen patungkol sa pagbebenta ng ilegal na droga ay kaagad nila itong tinungo para beripikahin.

Ayon pa kay PCpt Imlani Jr, pagkarating ng mga operatiba sa lugar ay nagkaroon ng palitan ng putok ng baril sa pagitan ng mga operatiba at ng suspek na nagresulta sa pagkamatay nito.

Ang operasyon ay pinagsanib na puwersa ng Bongao MPS, 1st Special Operation Unit-Maritime Group at Marine Battalion Landing Team-12.

Dagdag pa ni PCpt Imlani Jr, narekober mula sa pinangyarihan ng krimen ang 10 plastic straw na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 550 gramo at nagkakahalaga ng Php3,740,000, isang backpack, dalawang kalibre .45 pistol, isang kalibre 9mm pistol, sari-saring magazine at bala, isang hand grenade, isang rifle grenade, isang digital weighing scale, isang cellphone, Php57,763 na drug money at isang Honda Wave 100cc na motorsiklo.

Ang Pambansang Pulisya ay hindi tumitigil sa pagpapaalala sa mamamayan na huwag gumawa ng ano mang ilegal na gawain o aktibidad upang hindi humantong sa pagkakakulong, bagkus ay makipagtulungan sa ating kapulisan upang makamtan ang mapayapang pamayanan. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Miyembro ng NPA at Top 4 Most Wanted Person ng Davao De Oro, arestado ng Eastern Visayas PNP

**Villaba, Leyte – Arestado ng Eastern Visayas PNP ang isang miyembro ng New People's Army at Top 4 Most Wanted Person ng Davao De Oro (Provincial Level) sa Sitio Nulatulaan, Brgy. Hinabuyan, Villaba, Leyte noong Linggo, Mayo 15, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Rodolfo Albotra Jr, Officer-in-Charge ng Intelligence Division, Regional Mobile Force Battalion at Provincial Intelligence Unit-Leyte Police Provincial Office ang naaresto na si Marvin Etol, 46, may standing Warrant of Arrest for Homicide at tatlong (3) counts ng Murder, squad leader ng Communist Terrorist Group at nagtago sa Brgy. Bagaobo, Villaba, Leyte.

Ayon kay PLtCol Albotra Jr, ang manhunt operation ay isinagawa sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Judge Celestial Gonzales ng Branch 57, Regional Trial Court taong 2020.

Ayon pa kay PLtCol Albotra Jr, nakumpiska sa suspek ang isang kalibre 38 revolver, labing tatlong piraso ng live ammunition, isang sling bag, tatlong cellular phone, isang wristwatch, isang gunting, isang pocket wifi at isang Voter's Identification Card.

"Ako ay nagpapasalamat sa mabilis na koordinasyon sa mga pwersang panseguridad at sa komunidad na nagresulta sa matagumpay na pag-aresto ng suspek. Hindi dapat gawing kanlungan ng mga miyembro ng NPA at mga kriminal ng ibang Rehiyon ang Silangang Visayas. Tandaan na ang ating tanggapan ay nagsasagawa ng walang humpay na operasyon laban sa kanila at sa iba pang lumalabag sa batas", mensahe ni PLtCol Albotra Jr.

Ang Eastern Visayas PNP ay pananatilihin ang maayos na koordinasyon sa mga awtoridad mula sa iba pang Rehiyon dahil mahalaga rin ito sa pagtunton ng mga kriminal at rebelde. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

# Mahigit Php2M halaga ng shabu nasabat ng PNP






**Mabalacat City - Tinatayang Php2,000,000 halaga ng hinihinalang shabu ang nasabat sa PNP buy-bust operation nito lamang Lunes, Mayo 16, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Heryl Bruno, Chief of Police ng Mabalacat CPS ang suspek na si Julius Guillermo y Mariano alyas "Julius", 30, residente ng Pulung Maragul, Angeles City, Pampanga.

Ayon kay PLtCol Bruno, nahuli ang suspek sa Brgy. Mawaque, Maragul, Mabalacat City, Pampanga ng pinagsanib puwersa ng Mabalacat CPS, Regional Police Drug Enforcement Unit 3 (RPDEU 3) at Special Concern Unit 3 - Regional Intelligence Division (SCU 3 - RID).

Dagdag pa ni PLtCol Bruno, nakumpiska mula sa suspek ang walong sachet ng hinihinalang shabu na may timbang na humigit kumulang 305 gramo na nagkakahalaga ng Php2,074,000; Php450 halaga ng pera; isang android cellphone; isang body bag; pera na ginamit bilang buy-bust money; isang timbangan at mga ID.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Section 5 at 11 ng Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Patuloy pa rin ang ginagawang operasyon ng PNP para tuluyan ng mahuli ang mga gumagamit ng ilegal na droga at magkaroon ang isang lugar na ligtas mula sa droga. *(Panulat ni Police Corporal Faith A Sangeles)*

# Php1.5M halaga ng marijuana nakumpiska; cultivator arestado sa PNP-PDEA buy-bust operation



**San Mateo, Isabela – Tinatayang Php1,500,000 halaga ng marijuana ang nakumpiska sa isang magsasaka sa buy-bust operation ng PNP at PDEA sa San Mateo, Isabela nito lamang Huwebes, May 19, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Julio Go, Provincial Director ng Isabela Police Provincial Office, ang suspek na si Arjee Villuan alyas "Takki", 31, magsasaka, residente ng Brgy. Sinamar Sur, San Mateo, Isabela, at kasama sa PNP-PDEA Regional Priority Target List.

Ayon kay PCol Go, naaresto ang suspek sa nasabing barangay sa pinagsanib puwersa ng mga operatiba ng San Mateo Police Station, PDEA Regional Office II - Isabela at Provincial Intelligence Unit, Isabela Police Provincial Office matapos magbenta ng isang brick ng Marijuana hashish sa isa sa operatiba ng PDEA na umaktong poseur-buyer.

Ayon pa kay PCol Go, nakumpiska sa suspek ang isang piraso ng Php1,000 bill, siyam na piraso ng Php1000 bill bilang boodle money, limang brick ng Marijuana hashish na nagkakahalaga ng Php1,500,000 at isang unit ng improvised shot gun na may dalawang live ammunition.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002) at Republic Act 10591 (Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act).

Samantala, patuloy naman ang PNP sa pagsasagawa ng ganitong operasyon upang wakasan na ang ilegal na droga at kriminalidad sa buong bansa. *(Panulat ni Police Corporal Jermae D Javier)*

# Higit Php1.3M halaga ng shabu nasabat; ex-convict at market vendor, arestado

**Iloilo City – Nakumpiska ang tinatayang Php1.3 milyong halaga ng shabu sa naarestong ex- convict at market vendor sa buy-bust operation ng mga operatiba ng Iloilo PNP sa Iloilo City nitong Mayo 14, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Mark Anthony Darroca, Chief, Regional Police Drug Enforcement Unit VI, ang suspek na si Res Leonardo, 46, market vendor at residente ng Zone 2, Brgy. Tanza, Ezperanza, Iloilo City.

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Darroca, nahuli ng mga operatiba ng RPDEU-VI at Molo Police Station, ang suspek matapos nagbenta ng isang sachet ng hinihinalang shabu sa ICAG Road, Brgy Taal, Molo, Iloilo City.

Nakumpiska rin sa suspek ang 26 pang mga sachet ng parehong ipinagbabawal na droga. Tinatayang umabot sa 200 grams ang bigat ng mga nakumpiskang shabu sa suspek na may Standard Drug Price na Php1,360,000.

Dagdag pa ni PLtCol Darroca, ang suspek ay isang bodegero at may connection sa isang inmate sa National Bilibid Prison (NBP) na isang Mark Baylon. Si Leonardo ay nakulong sa kasong homicide at natapos ang sentensya sa NBP, ngunit noong 2018, nasama ito sa listahan ng mga natokhang sa nasabing lugar.

Samantala mariin namang itinanggi ng suspek na siya ay gumagamit ng nasabing ipinagbabawal na droga ngunit ito ay nakatakdang sasailalim sa drug test bilang bahagi ng proseso.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2022.

# Higit Php1M shabu, nasabat ng Lapu-Lapu City PNP



**Lapu-Lapu City - Arestado ang isang suspek matapos makuhanan ng mahigit Php1 milyong halaga ng shabu sa buy-bust operation ng Lapu-Lapu City PNP nito lamang Huwebes, Mayo 18, 2022.**

Kinilala ni PBGen Roque Eduardo DP Vega, Regional Director ng Police Regional Office 7 ang suspek na si Christine Amodia Monte De Ramos alyas "Tin", 26 taong gulang.

Ayon kay PBGen Vega, naaresto ang suspek bandang 1:50 ng madaling araw sa Sitio Sta. Ana, Brgy. Poblacion, Toledo City, Cebu ng mga operatiba ng City Drug Enforcement Unit, Lapu-Lapu City Police Office.

Ayon pa kay PBGen Vega, nakumpiska sa suspek ang mahigit kumulang 160 gramo ng hinihinalang shabu na may tinatayang halaga na Php1,088,000.

Kasong paglabag sa RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang kakaharapin ng suspek.

Sinisiguro naman ng kapulisan ng rehiyon siete na mas paiigtingin pa nila ang kampanya laban sa ilegal na droga at iba pang uri ng kriminalidad. *(Panunulat ni Pat Aivan Guisadio)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No.20 * Mayo 14 - 20, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Two-day Coral Reef Rehabilitation Activity, matagumay na isinagawa ng Bohol PNP







**Panglao, Bohol – Matagumpay na isinagawa ng mga miyembro ng Bohol Maritime Police Station ang Two Day Coral Reef Rehabilitation Activity sa Napaling Point, Brgy. Tangnan, Panglao nito lamang Huwebes, ika-19 ng Mayo 2022.**

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ng Station Chief ng Maritime Police Station, Police Lieutenant Lucio Vergara Jr. katuwang ang mga miyembro ng VESNA-Panglao Conservation, Inc. Almira Dive Resort, BPF- Panglao, Zoo Ostrava Divers, MENRO Panglao at SOS.

Ang dalawang araw na aktibidad ay nagresulta sa pagkakalinis ng mga coral tunnel, pagkakolekta ng mga nawasak na fragment, at paggawa ng mga karagdagang artipisyal na istruktura para sa rehabilitasyon ng coral reef.

Ayon naman kay Police Lieutenant Vergara, hangad ng nasabing programa ang pagkakaroon ng biological restoration alang-alang sa mga bagay na nabubuhay sa ilalim ng ating karagatan.

# Pampublikong palikuran, itinayo sa tulong ng RPSB sa Davao City




**Davao City - Matagumpay na nai-turn-over ang pampublikong palikuran na kabilang sa Quick Impact Project (QIP) ng Revitalized-Pulis sa Barangay para sa mga residente ng Purok 4A, Riverside, Calinan District, Davao City, noong Mayo 20, 2022.**

Ito ay sa pangunguna ni PLt Rene Caras, Team Leader at sa pangangasiwa ni PLtCol Nolan Raquid, Chief, City Plans and Programs Unit/Over-all Coordinator ng RPSB Davao City Police Office, at sa pakikipag-ugnayan kina PMaj Jack Tilcag Station Commander ng Police Station-10 at PMaj Elisa Ramirez, Stat Com ng PS-20, RPSB CL 15.

Kasama rin sa mga dumalo sina PMaj Amante Nozares, OIC, Station Commander ng Calinan Police Station, Gng. Janeth Lebria, Private stakeholders, Hon. Pot Pot Villafuerte, City Councilor of 3rd District at mga Barangay Officials sa nasabing lugar.

Nagpaabot din ng pasasalamat ang mga residente sa lugar dahil sa wakas ay naisakatuparan na ang kanilang kahilingan na magkaroon ng maayos, malinis at komportableng palikuran.

Samantala, patuloy naman ang pagpapaabot ng R-PSB ng Police Regional Office 11 sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr. ng maraming tulong at serbisyo katuwang ang iba't ibang ahensya ng gobyerno at ang mga private stakeholders na walang sawang nagbibigay ng tulong sa mga lubos na nangangailangan. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*

# Livelihood Training Activity isinagawa ng Angono PNP





**Angono, Rizal - Matagumpay na isinagawa ang Livelihood Training Activity ng Angono PNP sa Doña Aurora Street, Brgy. Poblacion Ibaba, Angono, Rizal nitong Linggo, Mayo 15, 2022.**

Pinamunuan ng Angono Municipal Police Station sa pangunguna ni Police Senior Master Sergeant Felicidad Alva II, Police Community Affairs and Development Officer katulong sina Patrolman Edward Mahusay at Patrolman Norodin Untong, na pawang mga nagtapos ng Technical Education and Skills Development Authority na may National Certificate Level II o NC II.

Ayon kay PSMS Alva, nakiisa at dumalo ang Kabayan Action Group Force Multiplier na tinuruan kung papano gumawa ng basahan mula sa recycled materials at liquid soap detergent.

Ayon pa kay PSMS Alva, layunin ng aktibidad na maibahagi ang kanilang kaalaman upang magamit sa pagsisimula ng negosyo na makakatulong sa pang araw-araw na gastusin.

Ang PNP ay patuloy na magsasagawa ng mga ganitong aktibidad upang makatulong sa pag-unlad at pag-asenso ng mamamayan sa komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*